

# PROLOGUE

“I’m sorry, Ryna,” naluluhang sabi ng kanyang ama.

Hindi alam ng dalaga kung ano ang mararamdaman. Ano nga ba ang dapat maramdaman ng isang babae kapag nalaman niyang ipinambayad siya ng kanyang ama sa utang?

Oh, it wasn’t like that, not really. Hindi siya direktang ipinambayad. Ginamit siya nitong collateral, na kung sakaling hindi ito makabayad, siya ang magbabayad ng utang para rito sa pamamagitan ng pagsisilbi sa taong pinagkakautangan nito. Kahit hindi sabihin sa kanya ng ama, alam niya naman kung anong klaseng ‘bayad’ ang kukunin sa kanya. Ano ba ang ginagawang pambayad kapag ganito ang napagkasunduan? Hindi ba’t katawan?

Nanginginig sa galit si Neryna. Iyon ang malinaw na nararamdaman niya. Gusto niyang magwala. Gusto niyang itulak lahat ng mga nakapatong sa center table sa tapat niya kung kaya ikinuyom niya ang mga palad para pigilan ang sarili.

“Magkano ba ang utang n’yo? Ibenta na lang natin ’tong bahay, ’yong kotse, ang mga alahas ni

Mama. Mangungutang ako sa mga kaibigan ko. Kukuha ako ng loan. Kahit na ano.”

Huminga nang malalim ang matanda at nakita niyang nangatog ang pang-ibaba nitong labi na para bang batang napagalitan. At alam na niyang hindi niya magugustuhan ang sasabihin nito.

“Twenty-five million pesos,” ani Raul na mahina ang tinig.

Napapikit si Neryna sa kawalan ng pag-asa, sa sakit, sa galit. Pakiramdam niya ay iginapos nito ang mga kamay niya, itinali siya sa kawayan at inilagay sa ibabaw ng apoy. Kulang na lang ay magsaksak ito ng mansanas sa bibig niya. Wala siyang choice at walang kalaban-laban.

“Saan mo dinala ang twenty-five million, Papa?”

Suminghot ang kanyang ama. “Nananalo kasi ako noong una,” mahina nitong saad. Sugal. Gumastos ito ng twenty-five million pesos sa sugal. “N’ung natalo ako, gusto ko sanang bawiin.” Walang magawang nagkibit-balikat ito.

Tumawa siya na may kahalong pait at hysteria. Pakiramdam niya ay unti-unting gumuguho ang tinatayuan niya. Unti-unting nagdidilim ang kinabukasan niya.

“So paano ngayon?” tanong niya. “Ibabayad mo ako sa pinagkakautangan mo? Ano’ng gagawin ko para sa kanya? Katulong? Sex slave?”

Naging matalim ang bawat salita at nakikita niyang parang tinutusok niyon ang kanyang ama. Nakadama siya ng kirot ng konsyensya pero kaunti lang. Hindi siya ang may kasalanan dito. Hindi siya ang dapat magsisi.

Mula nang mamatay ang kanyang ina, nagbago na si Raul Villacorte. Una, nalulong ito sa alak para malimutan ang sakit sa pagkamatay ng nag-iisang babaeng minahal nito. Nang makabawi, nalulong naman ito sa sugal. Lahat ng klase, sabong, karera, jueteng, hanggang sa nauwi na ito sa casino.

Nawala na ang matikas na ama na nakilala ni Neryna, at naiwan na lang ang mahina at kahabag-habag na lalaking ni wala sa kalingkingan ng kinalakihang ama ng dalaga. Pero mahal ito ni Neryna. Mahal na mahal. Sa likod ng inis at galit, naroon ang pag-aalala na baka mas malalim pa sa pagkakabaon nito sa utang ang problema ng ama.

“Papa, sabihin mo sa ’kin, nanganganib ba ang buhay mo?”

“Hindi!” mabilis nitong saad bago kinuha ang

kanyang kamay. “Hindi, Hija. Hindi ito ganoon. Huwag kang mag-alala.”

“Kanino kayo nangutang?”

Tumungo ang matanda na parang hiyang-hiya sa sarili. “Hindi na mahalaga kung sino siya,” anito. “Basta natalo ako sa kanya sa sugal. Ang ganda ng baraha ko, Neryna. Sino ba kasing mag-aakala na royal flush ang hawak niya?” reklamo nito.

“Papa—” May pagsaway na sa tono niya.

“Pasensya na,” muli nitong saad na pailalim na tumingin sa kanya bago tuluyang nag-angat ng paningin. “Wala naman sa panganib ang buhay ko,” sabi nito na tinapik-tapik pa ang kanyang kamay. “Hindi naman ako nakipag-deal sa sindikato. Kaya lang mas mapapalagay ako kung lalayo ka muna, kahit ilang buwan lang, hanggang sa makahanap ako ng perang pambayad sa utang ko.”

Nagtaas siya ng isang kilay. “Twenty-five million pesos?” walang-ekspresyon niyang tanong. “Kahit ibenta n’yo itong bahay, ang kotse, lahat ng alahas ni Mama, at kahit ibigay ko sa inyo ang bawat sentimo ng mana ko galing sa kanya at kay Lolo, hindi tayo makakaipon ng twenty-five million pesos sa loob ng tatlong buwan.”

“May itinatago pang alas ang papa mo, Hija.” Napangiwi ito nang maningkit siya. Pinakahuling bagay na gusto niyang marinig mula rito ay ang kahit na anong may kinalaman sa sugal o sa baraha. “Nanghingi ako ng pabor sa kaibigan ko. Itatago ka niya para sa ‘kin nang ilang buwan.”

“Sino namang kaibigan ‘yan, Papa?”

“Kasama ko sa trabaho,” anito. “Magbabakasyon kasi siya. Isasama ka niya sa isla nila sa parteng Camiguin. Please, Neryna. Gawin mo na lang ito para sa ‘kin.”

Pinag-aralan niya ang kanyang ama. He had a hopeful, puppy dog expression on his face. Dapat magalit siya rito. Dapat sumbatan niya ito dahil— naman! Ipambayad ba siya sa utang? Hindi rin siya naniniwalang masosolusyonan ni Raul ang problema sa loob ng tatlong buwan, lalo na kung wala siya para tulungan ang ama.

Pero gagawin niya ang sinabi nito. Magtatago siya nang tatlong buwan dahil ayaw naman niyang ilantad ang sarili sa kung sinong may gusto sa ‘serbisyo’ niya. Hindi siya magtataka kung may stalker na siya ngayon pa lang dahil palalampasin ba ng pinagkakautangan ng kanyang ama na makita kung sino ang anak na ‘ibinayad’ ng may utang dito?

Sige, papayag siya. Magtatago siya. Pero sa loob ng tatlong buwan na iyon, maghahanap din siya ng paraan para makatulong sa pag-iipon ng twenty-five million pesos.

God help her.

“Sige,” sabi niya na kalmado ang tinig kahit pa nagkakagulo ang laman ng utak niya. “Papayag ako. Pero gusto kong ipangako mo na gagawan mo ito ng paraan. Na aayusin mo ito sa loob ng tatlong buwan.”

Mabilis na tumango ang kanyang ama. Kinagat niya ang pang-ibabang labi bago bumuntong-hininga.

“Sino ang kaibigan mo na sasamahan ko sa Camiguin?” Hindi kaagad sumagot ang kanyang ama at kinabahan si Neryna. “No,” mahina niyang sambit habang mabagal na umiiling. Napangiwi siya nang sa wakas ay sumagot ang ama.

“Si Phillip.”

At sukat doon, parang mas gusto na lang ni Neryna na ibayad ang sarili sa pinagkakautangan ng ama.

# 1

Sa lahat ng tao sa mundong ibabaw, si Phillip Castillejo yata ang nag-iisang nilalang na ni isang segundo ay ayaw makita ni Neryna. Anak ito ng boss ng kanyang ama. Malamig, malupit, arogante, antipatiko—lahat na yata ng ayaw niya sa isang lalaki ay naipon na rito.

Oo, ubod ito ng guwapo—parang diyos na bumaba sa lupa, pero hindi niya ito type. Masyado itong masculine. Type niya ang pretty boys o iyong tipong boy-next-door ang dating.

Si Phillip kasi, parang iyong tipo ng lalaking makikita mo na may camouflage paint sa mukha at may hawak na gulok habang nagtatago sa likod ng mga puno sa gubat at naghihintay ng kaaway. He was dark and dangerous, at hindi naikukubli ng mga sinusuot nitong business suits ang aura na iyon.

Matangkad ang lalaki, kayumanggi ang balat, at makapangyarihan ang bulto. May kahabaan ang korte ng mukha, pero binagayan naman iyon ng klasikong mga detalye ng hitsura nito. Matangos ang ilong nito pero medyo tabingi na naging sanhi ng pagiging charming noon. His lips were full and firm. At ang mga mata nito...

Nakadama si Neryna ng init sa kaibuturan ng pagkatao niya nang maalala ang unang beses na makilala niya ang binata at napaso siya sa init ng titig nito.

Malapad ang mga balikat ni Phillip na ipinapakita ng magandang tabas ng madalas nitong suot na Amerikana. Mahahaba rin ang mga binti nito na halatang maskulado rin sa kabila ng suot nitong dress slacks. Maganda itong magdala ng damit kahit pa mas mukhang Scout Ranger ng *Philippine Army* kaysa businessman ang dating.

Natulala siya nang una niya itong makita at alam niyang nagkaroon din ng impact sa lalaki nang makita siya nito. Hindi niya alam kung bakit dahil naka-long sleeved blouse siya noon at slacks, at loafers na may three-inch heels. Bukod doon, nakapusod ang buhok niya, wala siyang makeup at nakasalamin pa. Lolang-lola ang ayos niya dahil galing siya sa unibersidad kung saan siya nagtuturo at susunduin lamang ang kanyang ama.

Pero naaalala pa rin niya ang pakiramdam nang magtama ang kanilang mga mata. Parang may kidlat at kulog sa background, at napatungo talaga siya sa sarili para tingnan kung may suot pa ba siyang damit o nalaglag na dahil sa tingin ng lalaki.



Gayunpaman, sa kabila ng atraksyon, na-turn off pa rin siya nang makita kung paano ang trato nito sa sariling ama. Malamig iyon at may kasupladuhan. Wala ang paggalang at pagmamahal na nakasanayan ni Neryna na nakikitang iniuukol ng mga anak sa kanilang mga magulang.

At nang minsang bumalik siya sa opisina, naabutan niyang nakikipag-break ito sa isa sa marami pala nitong mga babae. Hindi naman niya sinasadya dahil sa pasilyo ng opisina nag-uusap ang dalawa. Umiiyak na ang magandang babae habang hindi matinag ang binata na nagsasabing tapos na ang relasyon ng mga ito at huwag na itong gambalain pa.

At nang iwan nito ang babae, bumaling ito sa kinaroroonan niya at nakita siya. At ang kapal talaga ng mukha nito dahil naroon at muling sumiklab ang init sa mga mata nito at biniyayaan siya ng nakakapasong tingin mula ulo hanggang paa.

Namula siya. Alam niyang namula siya. At ang hudyong, umangat ang isang sulok ng mga labi sa isang mapang-asar na ngiti na tila ba nagsasabing alam nito ang iniisip niya at alam nito na pinagnanasaan niya ito.

Iyon na ang huling beses na umakyat siya sa opisina ng ama. Di bale nang gusto niyang muling

makita ang lalaki— na totoo namang pinagnanasaan niya. He was bad for her. At iniawasan ni Neryna lahat ng mga bagay na masama sa kanya.

Nang bumaba siya mula sa silid na bitbit ang isang traveling bag, isang backpack at ang kanyang shoulder bag, nakita niya ang ama sa paanan ng hagdanan. Mukha itong mas matanda kaysa sa edad nitong fifty-five. Gusto man niyang magalit at tigasang ang puso rito, hindi niya magawa. Niyakap siya nito.

“I’m so sorry, Neryna,” ulit ng matanda.

Hinalikan niya ito sa pisngi. “Huwag kang mag-alala, Papa. Maghahanap ako ng paraan para makatulong sa ’yo.”

“Huwag mo akong alalahanin,” sabi nito na nagpupunas ng luha. “Magagawan ko ito ng paraan. I’ll see you in a few months.”

Tumango siya.

Suminghot ang kanyang ama bago nito nilingon ang lalaking hindi napuna ni Neryna na naroon pala sa sala nila at pinanonood sila. Parang bumara sa lalamunan niya ang kanyang hininga.

Nakatayo pala roon si Phillip Castillejo.

Parang gustong lumundag ng puso niya palabas

sa kanyang dibdib. For a moment, nahatak siya ng magnetismo nito na tila ba wala silang kasama sa silid. Hindi nagbago ang pakiramdam niya tungkol dito. She was still wildly attracted to him, kahit pa ilista niya lahat ng dahilan kung bakit hindi siya dapat magkagusto rito.

Pero iyon lang naman iyon. Attraction lang. Hindi ibig sabihin ay hindi niya kayang lumayo sa tukso. Kailangan lang niyang tatagan ang paninindigan na hindi siya magpapadala kay Phillip Castillejo.

“Neryna,” narinig niya ang tinig ng kanyang papa. “You remember Phillip? Phillip, ang anak ko, si Neryna.”

Inilahad ng lalaki ang isang palad at parang slow motion na nakita niyang itinaas niya ang sariling palad para makipagkamay rito. At nang magdikit ang kanilang balat, may kung anong kuryenteng gumapang sa kanyang braso. Mabilis niyang binawi ang kamay at nakuha niyang baliin ang pagtititigan nila ni Phillip. Muli niyang binalingan ang ama.

“Alam kong marami kang gustong itanong,” sabi ni Raul na sinusulyap-sulyapan ang lalaki sa harap niya. “Si Phillip na ang sasagot sa mga iyon. Mapagkakatiwalaan mo siya, Hija. Aalagaan ka niya.”

Tulad siguro ng gagawing pag-alaga ng pating sa kakainin nitong tuna. Papatabain muna bago kainin.

Muli siyang niyakap ng kanyang ama. “Sige na. Baka mahuli kayo sa flight. Madalas akong tatawag. Huwag mo ’kong alalahanin.” Humigpit ang mga braso nito. “I love you, Neryna. Alam kong baka hindi ka na naniniwala sa ’kin pero mahal na mahal kita.”

Namasa ang mga mata niya at pakiramdam niya, eight-year-old siyang muli na yakap nito matapos nitong sabihin na wala na ang kanyang ina. “I love you, too, Papa,” bulong niya. “Alagaan mo ang sarili mo.”

Nang bitawan niya ang ama, nakita niyang dala na ni Phillip ang mga bagahe niya. Muling nanikip ang dibdib niya nang makita ang mukha nito. Hindi siya nananaginip at hindi siya namamalikmata. Totoo ang kaguwapuhan nito, damn it! Pero hindi na mahalaga iyon. Mas marami siyang kailangang problemahin kaysa sa hitsura ng future landlord-slash-protector niya.

---

Dapat seryosohin ng isang lalaki ang isang babae kapag ang una niyang naisip nang una itong makita ay ang salitang ‘mine’. Kung kaya’t ganoon

*One Breathless Moment - Elise Estrella*

---

ang ginawa ni Phillip. Nang una niyang makita si Neryna nang sunduin nito ang ama nito sa opisina, naghanap na siya ng paraan kung paano makukuha ang dalaga. Hindi pa siya nakakadama ng ganoong klaseng pananabik para sa kahit na sino o sa kahit na anong bagay. He had to have her.

It was obsessive, possessive, na pati siya ay hindi naintindihan ang sarili pero ginawa niya ang lahat at ginamit ang lahat ng resources para malaman ang lahat ng tungkol dito.

Nalaman niyang nagtapos ito na *cum laude* sa isa sa top universities ng bansa at kasalukuyang instructor ng literature and creative writing sa unibersidad na iyon. She was working on a book about Philippine mythology at umaasang mailalathala ang libro na iyon. Palakaibigan ito, at mabuti at mapagmahal na anak.

Nalaman din ni Phillip ang tungkol sa pagiging sugarol ng ama nito. At kahit hindi siya naniniwala sa fate at destiny, sa tingin niya ay tadhana ang nangyari dahil ngayon, kahit hindi siya pinapansin ng babaeng laman ng panaginip niya, makakasama niya ito sa loob ng tatlong buwan kung saan gagawin niya ang lahat para mapasakanya ito.

Ngayon nga, nakaupo ang babae sa tabi niya,

nakatingin sa labas ng bintana habang patungo sila sa airport kung saan sila lilipad patungong Cagayan de Oro bago maglayag patungong Camiguin, pagkatapos ay sa isla ng Mantigue kung saan naroon ang ancestral house ng mga Castillejo. Doon niya itatago si Neryna.

“Magugustuhan mo doon sa Mantigue,” simula niya at sa gilid ng kanyang mga mata, nakita niyang nag-tense ang mga balikat nito bagaman hindi ito nagsalita. “Medyo isolated ang isla pero may isang maliit na fishing village kaya kumpleto naman, pero hindi ganoon kalapit kaya may privacy pa rin sa bahay,” pagpapatuloy niya. Alam ni Phillip kung anu-ano ang sinasabi niya at mas mabuti kung tatahimik na lang siya pero kinakabahan siya. Sa unang pagkakataon sa buhay niya, kinakabahan siya sa presensya ng isang babae.

“Ayaw ko ng tahimik,” sikmat nito. “Ayoko ng beach. Mas gusto ko ang mga bundok at kailangan ko ng shopping malls at bars. Kaya kung privacy ang ipinagmamalaki ng islang ’yon, I’m sure hindi ko ’yon magugustuhan.”

Alam ni Phillip na nagsisinungaling ang babae. Ayon sa impormasyon niya, she loved the beach, and she hated bars, pero hahayaan na niya ang mga kasinungalingang iyon kung sa tingin ng dalaga ay

ikagagaan iyon ng loob nito. Alam ni Phillip na sa huli, kaya niyang paibigin si Neryna.

Hindi siya nito kinibo nang buong biyahe. Ni hindi siya nito tiningnan kahit pa hindi niya maalis ang paningin rito lalo na nang sakay na sila ng motorboat na maghahatid sa kanila patungo sa isla.

Masusi niya itong pinagmasdan. At kahit pa galit sa mundo in general, at sa kanya in particular, may kakaibang ningning ang mga mata nito habang bumibiyaha sila sa dagat.

Ibinaba sila ng bangkero sa pribadong daungan sa baybayin sa paanan ng isang mababang bangin. Sa itaas niyon ay ang ancestral house ng mga Castillejo. Hinihintay sila ng caretaker na si Nanay Goring at ang isa sa mga anak nito na si Ben na hardinero naman nila.

Lumundag si Phillip sa tubig na hindi alintana ang nabasa niyang sneakers. Inilahad niya ang kamay kay Neryna. Hindi iyon pinansin ng dalaga. Sa halip, iniabot nito ang kamay sa bangkero at dito nagpatulong bumaba ng motorboat. Nagkibit-balikat si Phillip. Sa totoo lang, ini-enjoy niya ang pagrerebelde nito.

May pag-aalinlangang nagpalipat-lipat sa

kanilang dalawa ang mga mata ni Nanay Goring pero nakangiti siya nitong sinalubong. Niyakap niya ito at tumawa na parang kinikilig na dalaga ang matanda nang iangat niya ito mula sa buhangin.

“Kumusta na po?” tanong niya.

“Mabuti naman, Hijo,” sagot nito. Sinapo nito ang kanyang mga pisngi. “Parang pumayat ka yata.”

Ngumisi siya. “Kaya nga po ako umuwi, para patabain ninyo.”

Ang matanda na ang tumayong ina niya mula pagkabata. Malayong kamag-anak niya ito kung tutuusin, pero naging mas malapit pa siya rito kaysa sa sarili niyang ina. Kung tutuusin din, higit ang pagmamahal na iniukol nito sa kanya kaysa sa inilaan ng sarili niyang mga magulang. Nakita niyang sumulyap ang matanda kay Neryna.

“Nanay, si Neryna po pala. Si Nanay Goring. Siya ang nagpalaki sa 'kin.”

Kahit galit sa kanya ang babae, hindi pa rin nito makuhang maging suplada sa ibang tao. Lumapit ito at tumigil sa layong tama lang para mailahad nito ang palad sa matanda. Kapag mas malapit pa kasi roon, pati sa kanya ay mapapalapit na ito. May sumungaw na maliit na ngiti sa mga labi nito. “Kumusta po



kayo?”

Nakipagkamay rito si Nanay Goring. “Mabuti po, Ma’am. Welcome po sa isla. Halina po kayo nang makakain at makapahinga kayo.”

Pinagtulungang bitbitin nina Phillip at Ben ang ilang bags na dala nila habang suot naman ni Neryna ang isang backpack. Kasabay nito maglakad sa unahan si Nanay Goring at nang paakyat sila ng hagdanan patungo sa bahay, hinayaan ni Phillip ang sarili na pag-aralan ang pang-upo ng dalaga na nabigyang-diin ng suot nitong shorts. Ang ganda ng korte ng puwit nito at ang kikinis ng mga binti. Hinayaan na rin ni Phillip na magwala ang imahinasyon niya yaman din lamang na nakatalikod naman ang babae.

Buo na ang isip niya. He was going to seduce her. And he was going to enjoy it.

## 2

Palubog na ang araw. Yakap ni Neryna ang sarili at nakatingin sa luntiang tubig ng dagat. Tanaw iyon mula sa bintana sa isa sa mga sitting rooms ng ancestral house ng mga Castillejo. Kung makakalimutan lang niya ang mga naganap nitong mga huling araw, iisipin niyang nasa paraiso siya.

Maliit lamang ang isla. Mula roon ay tanaw sa di-kalayuan ang Camiguin. Tanaw rin mula sa bahay ang sinasabi ni Phillip na fishing village kung saan nakatira ang ilang pamilya na pawang mga kamag-anak nito.

Sinabi niyang ayaw niya ng beach at ng dagat. Nagsinungaling siya. Kung sa islang iyon na siya mamamatay, mamamatay siyang masaya.

Lamang, sa kasalukuyan, wala na sa kamay niya ang kontrol pagdating sa sarili niyang buhay. Pero hindi na bale. Hindi naman ibig sabihin, magpapatangay na lang siya. Maaayos din ito. Maaayos din niya.

Nilingon ni Neryna si Phillip nang pumasok ito ng silid. Kaunti na lang hindi na lulukso ang puso niya sa tuwing makikita ito.

“Halika na sa ’taas. Ipapakita ko sa ’yo ang kuwarto mo.”

Walang imik siyang sumunod dito. Bitbit nito ang mga bag niya na para bang bulak lang ang laman ng mga iyon. At dahil nauuna ito paakyat ng hagdanan, nagkaroon siya ng pagkakataon na sundan ng mga mata ang malalim na linya sa gitna ng likod nito. Korteng V ang katawan ng lalaki mula sa malapad nitong mga balikat hanggang sa baywang. At halata sa T-shirt na maskulado ang likod nito.

God, what she would give to be able to touch that body!

*Bastos!*

Binuksan nito ang pinto ng isang silid at pumasok sila. Mga malalaki at masculine na wooden furniture ang laman niyon. Gawa sa makintab na wood panels ang sahig at mga pader. Malaki ang kama kung saan makakatulog nang komportable ang apat na katao kahit magkakatabi ang mga ito. May isang sitting area sa may bintana kung saan nililipad ng mahinang hangin ang puting kurtina. Mula rin sa bintana, tanaw ang dagat at ang malinaw na kalangitan.

“Salamat,” sabi lang niya at pumasok sa silid. Gusto man niyang maging bastos dito, hindi niya

magawa. Nakatanim na sa kanya ang maging magalang.

“You’re welcome.”

Nagsimulang tumalikod si Phillip. “Sandali,” tawag niya at muli siya nitong hinarap. Huminga siya nang malalim. “Hindi ko alam kung bakit mo ’to ginagawa, kung bakit ka nag-volunteer na tulungan si Papa. Hindi ko alam ang motibo mo kaya hindi ko alam kung magpapasalamat ako sa ’yo o hindi.”

“Bakit?”

“Ano’ng kapalit nito?” tanong niya at nagmuwestra sa silid. “Pakiramdam ko kasi nakapagtago man ako sa pinagkakautangan ni Papa, hindi naman ako ligtas. Bakit pakiramdam ko mas delikado ang lagay ko ngayong kasama kita? Kailangan kong malaman kung bakit mo ito ginagawa.”

Pinanood niyang panoorin siya ni Phillip. Kumakabog ang dibdib niya.

Sa wakas nagsalita ito. “I’m going to be honest with you,” anito. “Hindi ako bayani at hindi ako mabuting tao. Hindi ko ito ginawa dahil mabait ako at gusto kong tulungan ang tatay mo. I want you, Neryna. And that’s the reason why you’re here now.”

Kahit na iyon mismo ang inasahan niya, hindi napigilan ni Neryna ang galit na sumiklab sa loob niya. “If you think I’m sleeping with you, you better think again,” mariin niyang saad.

Kumibot ang mga labi nito. “I don’t remember asking you.”

“Kahit hindi mo itanong, hindi ako bulag. I can see it in your eyes.”

Namilog ang mga mata na iyon, puno ng kainosentehan. “Nakakakita ka ng X-rated scene sa mga mata ko?”

Inirapan niya ito. “I’m not having sex with you,” matigas niyang ulit.

Ngumiti si Phillip. “I’m patient and persistent. And I always get what I want.”

“Then, you don’t want to have sex with me,” nakasimangot niyang saad. “I’m sure I’m bad at it.”

Naging full blown smile na ang pagkibot ng mga labi ng lalaki, and oh, my God, mas lalo pa itong nagmukhang diyos.

“Nobody has tried to seduce you, huh?”

“I’m sorry?”

“Wala pang lalaki na sumubok na i-seduce ka,” ulit nito. “S’abi ko nga, I always get what I want, Neryna. If and when I want you in my bed, you’d be there.”

“Aba’t—” Naubusan siya ng salita sa galit. “Ang arogante... hambog... bastos!”

Tumawa si Phillip at sa kabila ng galit niya, nakadama siya ng init sa tunog ng tawa nito. Parang medyo kakaiba, na para bang hindi nito madalas gawin ang bagay na iyon.

“I’m going to be honest,” nakangiti pa rin nitong sabi na may kakaibang ningning ng amusement sa mga mata. “I was going to seduce you, Neryna, pero balak ko sanang ligawan ka muna. Hindi kita pipilitin kung ayaw mo. I don’t force myself on women who don’t want me.”

“I’m sure wala ka pang nakikitang babae na ayaw sa ’yo,” sarkastiko niyang turan bago niya napigil ang sarili kung kaya muling napangisi si Phillip.

“I don’t kiss and tell,” anito. “Pero ganoon nga. Manligaw muna ako sa ’yo. At kapag sinagot mo na ako, saka na kita ise-seduce.”

Lumapit siya rito, mapanghamon. Idinantay niya ang isang kamay sa matipuno nitong dibdib. Nadama

niya ang init ng balat nito sa ilalim ng kanyang palad. Sumunod ito sa kanya habang marahan niya itong itinutulak. Nang tumiyad siya, tumungo ito hanggang sa halos magdikit na ang kanilang mga labi.

Matamis siyang ngumiti. “Only when they’re eating ice cream cones in hell.”

Mas malakas na niya itong itinulak at isinara ang pinto sa mukha nito.

---

Nasa langit na nga yata siyang talaga. Malambot ang unan sa ilalim ng kanyang pisngi at parang bulak ang hinhigaan niyang kutson. Presko ang hangin sa silid at amoy bulaklak iyon. Naririnig niya ang mga alon sa di kalayuan. Nakakaamoy siya ng kape at almusal. Wala siyang pasok. Hindi niya kailangang bumangon, puwede siyang magbabad sa higaan hangga’t gusto niya. Nakapikit ngunit nakangiti, bumalikwas si Neryna at yumakap sa isang unan. Sa isang mainit, matigas, at humihingang unan.

Suminghap siya at lumundag mula sa kama. Agad na nawala ang antok niya at ang tahimik na tuwa sa ganda ng kanyang gising nang makita niyang nakahiga sa tabi niya sa kama ang isang malaki, nakangiti, guwapo at antipatikong lalaki.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” sigaw niya bago hinila ang kumot para takpan ang sarili. Nakasuot lamang siya ng tank top at shorts na ubod ng iksi, at kung may lalaki mang makakakita sa pantulog niya, hindi iyon si Phillip Castillejo.

“Ang sarap ng tulog mo kaya hindi na kita ginising,” sabi nito na mabagal na bumangon. Nakapaligo na ito at nakasuot ng T-shirt na puti at cargo shorts. Maskulado ang mga braso at binti nito, mukhang matitigas ang muscles na iyon, mukhang makapangyarihan. Lalaking-lalaki. Naningkit siya sa inis.

“Nagdala ako ng almusal.”

Nagtungo ang kanyang mga mata sa mesa sa maliit na sitting area sa tabi ng bintana at nakita ang almusal na nakahain doon. Waffles, maple syrup, butter, bacon, scrambled eggs, orange juice at ang mabangong kape. Nag-early dinner sila kagabi kaya medyo gutom na nga siya. Pero kung ang kapalit ng almusal ay ang pagsabay nito sa kanya, magpapakagutom na lang siya.

“Hindi ako nag-aalmusal,” sabi niya. Isang sandali siyang pinagmasdan ni Phillip bago ito nagkibit-balikat. “Ikaw ang bahala,” sabi nito. “Kakain na ako.”



Nagtungo ito sa upuan at kumuha ng pinggan. Naiwan siyang nakatayo sa gilid ng kama. Aba't talagang sa silid pa niya ito kakain! Nanggigigil na siya sa inis dito pero ano naman ang gagawin niya? Batuhin niya ito ng vase ng bulaklak na nakapatong sa dresser niya?

Teka, saan galing ang mga bulaklak? Natulala siya sa isang malaking vase kung saan namumukadkad ang dalawang dosena yatang yellow roses. Nakasimangot niyang binalingan si Phillip na kumakain na sa sitting area niya. Para bang hindi nito pansin na naroon siya sa silid kasama nito. Nagbabasa pa ito ng diyaryo habang tinitinidor ang scrambled eggs na sa pinggan nito.

Marahas siyang huminga bago mabagal iyong pinakawalan. Pagkatapos ay tumalikod siya at nagtungo sa en suite bathroom at pabalibag na isinara ang pinto.

Isinampay niya ang kumot malapit sa pinto bago siya nagpalakad-lakad sa loob ng maluwag na banyo. Magkatabi ang toilet bowl at pedestal sink. Sa tapat ng mga iyon, magkatabi ang shower stall at bathtub kung saan kasya ang dalawang tao.

Nagngangalit pa rin ang ngipin niya nang huminto siya sa paglalakad at naupo sa gilid ng tub.

Hindi niya maintindihan si Phillip. Nililigawan nga ba siya nito o iniinis? Kasi sa kanya, nasa pagitan ng panunuyo at pambubuwisit ang ginagawa nito.

Pumikit siya, huminga nang malalim at kinalma ang sarili. Antipatiko ito. Controlling, domineering, arogante at ginulo nito ang buhay niya. Well, no, not really. Ang tatay niya ang naglagay sa kanya sa sitwasyong ito. Accomplice lamang ang lalaki. Gayunpaman, hindi siya natutuwa rito.

Sige, kumain lang muna ito ng almusal sa labas. Dito lang siya sa banyo. Pinihit niya ang mga gripo sa bathtub at naghintay na mapuno iyon ng tubig. Magbababad siya hanggang tanghalian. Kung hihintayin siya ni Phillip na sabayan itong kumain, maghintay ito hanggang tanghaling tapat.

# 3

Ilang araw na ring hindi nakakausap ni Neryna si Phillip pero tila wala naman itong sawa sa pagdalaw sa kanya tuwing umaga. Ito ang una niyang nakikita kapag nagmulat siya ng mga mata pero agad siyang bumabangon at pumapasok sa banyo sa tuwing magigising siya. Pagkatapos niyang maligo, wala na ito at ang naiwan na lang ay ang pagkain, mga bulaklak at kung anu-anong maliliit na regalo.

Ibababa niya sa kusina ang malamig nang pagkain para ipainit kay Nanay Goring na ubod ng dami ng kuwento tungkol kay Phil. At pagkakain, magliliwaliw siya sa bahay.

Napuna niya ang mga maliliit na bagay na alam niyang sinadya ng lalaking gawin para sa kanya. Sa library kung saan siya unang nagtungo para maghanap ng lugar kung saan maaari siyang magtrabaho, nahanap niya ang mga paborito niyang libro at ang mga references na kailangan niya sa research para sa aklat na sinusulat. Nakabalot pa ang mga iyon at halatang binili lamang dahil naroon siya.

Naka-stock sa refrigerator ang mga paborito niyang inumin, chocolates at cakes, pati paborito

niyang ice cream. Sa sala, naroon ang mga DVD ng mga paborito niyang pelikula. Kung paano nalaman ni Phillip iyon, hindi niya alam. Unless nagbababad ito sa Facebook at ini-stalk ang profile niya.

Dapat kabahan siya o matakot dahil stalker ang sinamahan niya, pero hindi niya mapigilan ang ma-flatter. At masama iyon dahil, di ba, hindi lang matatakot o mababastos ang isang tao kung gusto niya ang taong gumagawa niyon sa kanya?

She didn't like Phillip.

Pero bakit hindi niya mapigilan na maya't maya ay isipin ito, kung nasaan ito o kung ano ang ginagawa buong araw?

Nag-angat siya ng paningin mula sa keyboard ng kanyang laptop nang may kumatok sa pinto ng library. Malamang si Nanay Goring iyon na mag-aaya para bumaba na siya para sa hapunan.

Sumunod siya sa matanda pero hindi siya nito sa kusina iginiya, kundi sa labas ng bahay, pababa ng mga baitang patungo sa beach kung saan nakahanda ang hapunan sa ibabaw ng isang mesa. Nakatayo na sa likod ng isang upuan si Phillip.

“Sana magustuhan mo ang hapunan, Ma’am,” sabi ng matanda nang igiya siya nito patungo sa

upuan kung saan halos itinulak siya nito paupo. “Pinaghirapan ko po iyang ihanda. Kaninang umaga pa ako nagluluto para diyan.”

Tuloy, kahit gusto niyang talikuran si Phillip para lang ipakita na may galit pa rin siya, hindi niya magawa dahil ayaw niyang masayang ang buong araw na pinaghirapan ni Nanay Goring.

Isa pa, candlelit dinner by the beach pagkatapos kare-kare at binagoongang baboy ang ulam? Sino ang makatatanggi?

“Kumain po kayo nang marami, Ma’am,” masayang sabi ng matanda. “Aakyat lang po ako para kunin ang dessert ninyo.”

Bago pa niya nakuhang magmakaawa na huwag siya nitong iwan, mabilis nang naglalakad si Nanay Goring pabalik sa bahay. Naghari ang katahimikan habang pinanonood niya ang mga alon. Palubog pa lang ang araw kung kaya parang ginintuan ang lahat sa paligid, kasama na ang lalaking tahimik na nagmamasid.

“Para saan ito?” tanong niya para lang makapang-away. Sa totoo lang, wala siyang ganang makipagtalos. Sa totoo lang... she was swept off her feet.

Nagkibit si Phillip at nagsalin ng soft drink sa

isang baso para sa kanya. “Ayaw mo kasing lumabas,” anito. “Sayang naman kung hindi mo man lang mapuntahan ang beach na nasa paanan lang ng bangin kung nasaan ang bahay mo.”

“Sinabi ko na sa ’yo na hindi ko bahay ang bahay mo,” paalala niya, pero hindi niya malagyan ng pagkabagot ang tono. Shit. Lumalambot na ang puso niya.

Nagkibit-balikat ang kausap. Ibinaba nito ang bote ng soft drink at iniabot sa kanya ang serving plate ng kanin. Wala sa sariling tinanggap niya iyon. Ayaw niyang makasabay ito sa pagkain ng hapunan pero hindi naman siya ganoon ka-petty na tatanggihan niya ang kare-kare at binagoongan. Bumuntong-hininga na lang siya at naglagay ng kanin sa pinggan.

“Kumusta naman ang mga araw mo?” tanong nito habang kumakain sila. “Do you have everything you need?”

“Oo,” nag-angat siya ng paningin. Nagrerebelde ang pakatao niya pero hindi niya talaga kayang manatiling ilag, lalo pa’t wala naman itong ginagawang masama. At least, wala pa. “Salamat.”

“Pupunta si Ben ng Camiguin bukas. Baka may

gusto kang ipabili.”

Umiling siya. “I have everything I need.”

“Kumusta ang isinusulat mong libro?”

“Okay naman,” sagot niya. “So far, medyo magulo pa nang konti kasi first draft pa lang pero so far, so good.”

“Tungkol ba saan ang sinusulat mo?” muli nitong tanong. Sinulyapan niya ang binata at nakitang pinag-aaralan siya nito. He looked genuinely interested. Hindi lang nagtatanong dahil wala silang mapag-usapan kundi mukhang totoong interesado ito sa ginagawa niya.

“Tungkol sa Filipino pantheon,” tugon niya. “Sa mga diyos at diyosa ng mga sinaunang Pilipinong pagano.”

Inabot ni Phillip ang baso ng soft drink at uminom. Kung ito ang commercial model ng *Coke*, baka wala nang bumili ng ibang brand ng soft drink. “Very interesting. Akala ko si Bathala lang ang diyos ng mga sinaunang Pilipino.”

“Hindi. Parang Greek pantheon din sila. Hindi nga lang kilala kasi nga nasakop tayo ng Kastila.”

Paborito niyang ang mythology kaya hindi niya

namalayang natunaw na ang pinakaiingatan niyang distansya at pag-iingat pagdating kay Phillip.

Nang dumating ang kanilang dessert na leche flan at ube halaya, komportable na siya sa lalaki. Ang sarap nitong kausap, interesante, matalino at sinsero sa pakikinig. At nang matawa siya sa isa nitong sinabi, para siyang binuhusan ng malamig na tubig at natulala na lang siya sa binata.

“What’s wrong?” tanong ng kaharap. Nakita niya ang pag-aalala sa mga mata nito.

“Well, hell,” bulalas ni Neryna at itinulak niya paatras ang upuan at mabilis siyang tumayo.

Tumayo rin si Phillip.

She had been manipulated.

Ang sabi ng lalaki aakitin siya nito. Naroon ang depensa niya. Handa siyang humindi rito sa bawat pagkakataon na ayain siya nito sa kama, sa tuwing magtatangka itong halikan siya. Pero hindi pa nito iyon ginawa.

Nanliligaw nga ang Hudas at nagpapaligaw naman siya! Gusto niyang sisihin si Phillip, pero bakit? Ginawa lamang nito eksakto ang sinabi nitong gagawin, ang ligawan siya.



“Thank you for dinner,” magalang niyang sabi. “This doesn’t mean anything.”

Hindi nagbago ang ekspresyon sa guwapong mukha ni Phillip, pero halos madama niya ang panlalamig nito. “I wasn’t expecting it to,” matigas nitong saad.

Tumango siya nang isang beses bago tumalikod.

“Neryna,” tawag nito at lumingon siya. “Huwag mong tingnan na may ulterior motive ang lahat ng ginagawa ko. Minsan, ginagawa ko lang ang isang bagay dahil gusto ko.”

Hindi na siya sumagot. Umakyat siya sa bahay, pagkatapos ay sa kanyang silid. Isinara niya ang pinto at huminga nang malalim. Na-enjoy niya ang sarili sa paraang hindi niya inaasahan—kasama si Phillip.

He was good!

Nanghihina siyang naupo sa kama at napuna ang vase ng mga bulaklak sa dresser niya. Araw-araw, ibang klase ng bulaklak ang naroon. Nang araw na iyon, red tulips ang ibinigay sa kanya ng binata. Pero hindi niya napuna ang pigurin sa tabi ng vase.

Tumayo siya at lumapit sa dresser para kunin iyon. Maganda iyon at napakalinaw ng mga detalye

*One Breathless Moment - Elise Estrella*

---

na halatang inukit ng isang magaling na eskultor. Kasing-tangkad ng palad niya ang piguring gawa sa makintab na kahoy. Isang sea nymph, na nakaupo sa isang bato sa gitna ng mga alon. Tila nililipad ng hangin ang buhok nito at may suot itong koronang gawa sa mga seashells.

Pero ang nakaagaw sa kanyang atensyon ay ang mukha nito. Nakaukit sa ulo ng sea nymph ang kanyang mukha.